DepEd DIVISION OF TANGUB CITY
RELEASED
DATE: 8/12/2020

Ika – 12 ng Agosto 2020

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 170 S. 2020

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020**

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralang Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribado
Mga guro sa Paaralang Elementarya at Sekundarya
Sangay na ito

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang sa taunang Buwan ng Wika mula Agosto 1 hanggang 31, 2020 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, S. 1997.

2. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay **"Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika" – Ang mga Katutubong Wika sa Maka - Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya.**

3. Nasesentro ang tema ng Buwan ng Wika 2020 sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya.

4. Layunin nito ang sumusunod:
   a. Himukin ang BAYANIHAN ng sambayanan upang masugpo ang patuloy na palaganap ng COVID – 19 sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid – publiko na nasa Filipino at mga katutubong wika.
   b. Maibabantayog ang kahalagahan na maitaguyod ang pagpapalaganap ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang pinakamabisang midyum sa pagkakaroon ng kolektibong pag – uunawa ng sambayanan.

5. Nahahati sa apat na aktibidad ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2020:
   a. 3-7 Agosto 2020 – Pagtangkilik sa Katutubong Wika bilang pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya.
   b. 10-14 Agosto 2020 – Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya.
   c. 17-21 Agosto 2010 – Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya.
   d. 24-28 Agosto 2020 –Ang mga Katutubong Wika sa Maka – Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya.

6. Kaugnay nito, inaasahang gawin ang sumusunod:
   a. Pagtataas ng watawat mula bukas nang umaga sa mga paaralan bilang hudyat ng pagbubukas ng Buwan ng Wika;

Anecito St., Mantic, Tangub City
Website: www.depedtangub.net
Telephone: (088) 545 - 0304
Telefax: (088) 395 - 3372

b. Magpapaskil ng tarpolin ang bawat paaralan para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika;
c. Lahat ng mga kawani sa Dibisyon ng Tangub ay gagamit ng Wikang Filipino sa kani – kanilang pakikitungo at pakikipag – usap sa kapwa at saka inaasahan din ang paggamit ng anumang kasuutang tatak Filipino na ginagamit sa anumang tribu ng Rehiyon Diyes o sa bansang Pilipinas sa araw ng Lunes ng buong buwan ng Agosto.

7. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**AGUSTINES E. CEPE, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Sangay

AEC/rpd/08-12-20